

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-2 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 10 ENERO 2000, IKA 9:05 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sinel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Batigos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Iuan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mac Arlene M. Talena
Konsehal Eduardo G. Villamin
Konsehal Randy P. Valencia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan



Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 003
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG. HIDY F. FIEDACAN AT MGA KANA SA PAGYAO NG KANILANG AMA, G. ULDARICO FAMISARAN, SR.

- SAPAGKA'T ang pagyao ng isang minamahal sa buhay ay isang malaking kawalan sa isang buo at mapagmahal na mag-anak lalo pa nga't ito ay ang naturingang haligi ng tahanan;
- SAPAGKA'T ang ama ng kasalukuyang Ingatyaman ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na si Gng. Hidy F. Fiedacan ay sumakabilang buhay na sa gulang na siyamnapu at tatlong taon;
- SAPAGKA'T ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na naging kasama ni Gng. Hidy F. Fiedacan sa gawain ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati kay Gng. Fiedacan, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak sa pagyaong ito ng minamahal nilang ama.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Batigos na sinang-ayunan ng lahat —




Handwritten signature/initials

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro kay Gng. Hidy F. Fiedacan, mga kapatid at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ama, G. Uldarico Farnisaran, Sr.


IPINASYA rin na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Hidy F. Fiedacan lakip ang aming lubos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 10 Enero 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SNEEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulu

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/